



Overview ng Pagsusulit para sa Permit ng Nag-aaral

Hinihiling ng Massachusetts Registry of Motor Vehicles (RMV) sa mga aplikante ng Class D at M na permit ng nag-aaral na patunayan ang kanilang kaalaman sa mga tuntunin ng kalsada sa pamamagitan ng pagpasa sa pagsusulit para sa permit ng nag-aaral.

Saan at Kailan Isasagawa ang Pagsusulit para sa Permit

Maaaring isagawa ng sinuman ang kanilang pagsusulit para sa Class D o M na permit sa isang lokasyon ng RMV Service Center. Maaaring gawin ito sa panahon ng iyong appointment na permit ng nag-aaral.

Maaari ring piliin ng mga customer na isagawa ang pagsusulit para sa permit online sa loob ng 60 araw pagkatapos ng pagbisita sa Service Center.

Mga Kinakailangan sa Online na Pagsusulit para sa Permit ng Nag-aaral

Ang bawat isa sa mga sumusunod na kinakailangan ay dapat na makamit upang maisagawa sa malayo ang pagsusulit para sa permit ng nag-aaral:

- Dapat mayroong gumaganang camera ang computer na naka-on sa panahon ng pagsusulit.
- Ang web browser mo ay dapat na Google Chrome 97, Microsoft Edge 94, o Internet Explorer 11. Kung wala ka ng isa sa mga browser na ito, inirerekomenda naming i-download mo ang Google Chrome 97.
- Hindi ka puwedeng gumamit ng smartphone o tablet.
- Dapat kang pumayag na kunin ang iyong larawan bago, habang, at sa pagtatapos ng pagsusulit.

Kung hindi nakakamit ng computer mo ang mga kinakailangan o ayaw mong makuha ang iyong larawan, dapat mong isagawa ang pagsusulit sa isang RMV Service Center.

Paghahanda para sa Pagsusulit

Upang makapaghanda para sa pagsusulit para sa permit ng nag-aaral, inirerekomenda sa iyo ng RMV na pag-aralan mo ang Class D na Manwal ng Pagmamaneho at magsagawa ng pagsasanay na pagsusulit sa Mass.Gov/RMV. Kasama sa mga paksang sakop sa pagsusulit ang mga panuntunan sa kalsada, pagtukoy ng mga palatandaan sa kalsada, maling paggamit ng alak, pagsususpindi, at mga paglabag sa Junior Operator License (JOL). Upang makapasa sa pagsusulit, dapat mong sagutin nang tama ang 18 tanong sa loob ng inilaang oras na 25 minuto.

Ang pagsusulit ay available sa 35 iba't ibang wika.

Pagsasagawa ng Pagsusulit — Ang Kailangan Mong Malaman

Mayroong ilang mga dahilan kung bakit awtomatiko kang babagsak sa pagsusulit dahil lumalabag ang mga ito sa mga patakaran ng system ng RMV:

- **Kawalan ng Aktibidad:** Kung hindi ka nag-click ng isang button sa isang tanong nang mahigit 2 minuto.
- **Oras:** Kung magtatagal ka ng mas mahaba kaysa sa 25 minuto upang tapusin ang pagsusulit.
- **Nawalan ng Pokus:** Kapag umalis ka sa browser sa panahon ng pagsusulit.

Ang lahat ng mga dahilan sa itaas ay itinuturing bilang awtomatikong pagbagsak sa pagsusulit. Maaari mong isagawa muli ang pagsusulit, ngunit dapat mong bisitahin ang profile mo sa myRMV upang magbayad muna ng isa pang \$30 na fee.

Mga Patakaran laban sa Pandaraya; Mga Parusa sa Paglabag

Kung mahuhuli kang nandaraya o sumusubok na mandaya sa pagsusulit, babagsak ka at hindi ka na maaaring humawak ng anumang uri ng lisensya o permit sa pagmamaneho sa loob ng 60 araw. Ang pandaraya ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, pagsagawa ng ibang tao ng pagsusulit para sa iyo o paggamit ng Manwal ng Pagmamaneho o iba pang mga reference material sa panahon ng pagsusulit. Sa ilang mga kaso, maaari ka ring sumailalim sa karagdagang pagsisiyasat.

Mga Susunod na Hakbang Pagkatapos Makapasa sa Iyong Pagsusulit

Congratulations! Naipasa mo ang pagsusulit para sa permit atikaw ay isang hakbang papalapit sa pagiging isang lisensyadong driver.

Ibibigay sa iyo ngayon ang iyong dokumento ng permit, na dapat mong dalhin habang nagsasanay sa pagmamaneho kasama ng isang lisensyadong driver.